THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 40 | Aug. 14, 2023 - Aug. 20, 2023

WHAT'S INSIDE?

3 MARINE LITTER LEARNING ACTIVITES

# 2023 BRIGADA ESKWELA CAMP DIVISION KICK-OFF

*"BAYANIHAN PARA SA MATATAG NA PAARALAN"*

Isinagawa ng Pamahalaang Lungsod sa pangunguna ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, City Councilor Atty. Jelina Magsuci, at ng Serbisyong TAMA Program Administrator Joseph Dytioco, ang Ceremonial Distribution ng TAMAng School Supplies para sa mga Chikiting sa Arturo Arce Ignacio Elementary School, ika-14 ng Agosto. Ito ay kasabay ng paglulunsad ng 2023 Brigada Eskwela Camp ng Department of Education Division of Calapan. Pinangunguna-han naman ito ni DepEd Calapan Schools Division Superintendent Susana Bautista kasama ang iba pang mga stakeholders, kabilang na dito ang Pamahalaang Lungsod ng Calapan.

Kasama ang kanilang Junior City Officials na sina Caroline Kean M. Tuquero, at Axl Dioniel L. Tomines, nakiisa sa pagbi-Brigada Eskwela sina Mayor Morillo at Hon. Magsuci. Naroon din si City Education Officer Myriam Olalia at ilang mga miyembro ng City Scholars' Guild na naghanda ng mga kagamitan para sa paglilinis.

Nilagdaan na din ang Memorandum of Agreement sa pagitan ng DepEd Calapan at Pamahalaang Lungsod - City Public Library, pinamumunuan ni Ms. Claire Benter, upang opisyal na mabigyan ng access ang mga paaralan sa Barangay Reading Centers (Thea Marie J. Villadolid/CIO).



## LNK 2023: KALUSUGAN NG KABATAAN CARAVAN



SA PAGTUTULUNGAN ng Sangguniang Kabataan Federation at City Health and Sanitation Department, naging matagumpay ang isinagawang Kalusugan ng Kabataan Caravan sa City Plaza Pavilion, ika-17 ng Agosto.

Ito ay bahagi ng mga programang inihanda para sa pagdiriwang ng Linggo ng Kabataan 2023 na pinangungunahan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo sa pamamagitan ni SK Federation President, Hon. Noel Cirujano at sa tulong ni City Health Officer, Dra. Basilisa M. Llanto. Dahil naniniwala si Mayor Morillo na kabataan pa rin ang pag-asa ng bayan, minabuti ng Pamahalaang Lungsod na magbigay ng kaalaman tungkol sa teenage pregnancy, Human Papilloma Virus (HPV) HIV/Aids, at Nutrution in Adolescents.

Kaugnay nito handog din sa mga kabataan ang libreng HPV Vaccination, HIV Counselling and Testing, at Dental Health Care (Thea Marie J. Villadolid/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM








TINGNAN: Ang tuluy-tuloy na pagkalinga at pagmamalasakit ng Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ng administrasyon ni Governor Bonz Dolor sa pamamagitan ng grupo ng Provincial Health Offce (PHO) na pinamumunuan ni Provincial Health Officer Dr. Cielo Angela Ante at mga katuwang nitong nagtataguyod ng feeding program lalo na ang Gawad Kalinga na pangunahing sponsor ng PGOM.

Kaugnay nito, noong Agosto 14, ang maraming bilang ng mga batang katutubong Mangyan ang nakinabang sa naturang programa sa Brgy. Lantuyan Baco, isang malaking komunidad ng mga katutubong Mangyan.

Makikitang walang kapagurang naglingkod sa mga kapatid na katutubong Mangyan ang grupo ni PHO Doc Cielo s akanyang pangunguna, kaagapay ang MNAO ng naturang bayan na ang tanging layunin ay mapangalagaan ang seguridad at kapakanang pang nutrisyon ng naturang grupo ng mga mamamayan. Tampok naman dito ang patuloy na pagtuturo ng wastong paghuhugas ng kamay, *"Tippy Tap"* na lubhang mahalagang makagawian bilang proteksyon sa pangangalaga ng kalusugan (PIO Calapan).






**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**



# MARINE LITTER LEARNING ACTIVITES

BAHAGI ng mga nakalinyang programa para sa selebrasyon ng 'Linggo ng Kabataan' (Agosto 12-Agosto 18, 2023) ay isinagawa sa Barangay Mahal na Pangalan Covered Court noong Agosto 13, 2023 ang Marine Litter Learning Activites na pinangasiwaan ng City Youth and Sports Development Department katuwang ang SK Calapan City sa pangunguna ni Kgg. Noel Cirujano.

Nilahukan ito ng 70 kabataan mula sa mga samahan na miyembro ng Local Youth Development Council tulad ng SK mula sa iba't ibang barangay, SSLG, 4H Club, City College of Calapan Student Parliament, Boy Scout of the Philippines at iba pang nagboluntaryo. Dito ay naging tagapagsalita sina Ms. Xyrish Joan Lopez at Ms. Jeline Masongsong mula sa CYSDD. Ilang mahahalagang puntos ukol sa klasipikasyon at wastong paghihiwalay ng basura ang dito ay itinuro gayundin sa mga negatibong dulot ng basura partikular ang plastik na talamak na ginagamit sa kasalukuyang panahon na kadalasang napupunta sa dagat na siya namang nakakain ng mga isda.

Sa pamamagitan ng inihandang gawain ay mas naintindihan ng mga partisipante ang mahalagang gampanin ng mga kabataan sa pangangasiwa ng basura at pagbibigay proteksyon sa ating katubigan.

Matapos ang oryentasyon ay sinundan ito ng coastal clean-up na kung saan ay sama-samang namulot ng mga nakaklat na basura sa baybayin ng Barangay Mahal na Pangalan ang mga aktibong kabataan.

Dahil isa sa pinapangarap ni City Mayor Marilou Flores-Morillo na maging 'Luntiang Lungsod' ang Calapan ay kanyang sinusuportahan ang ganitong mga hakbang ng mga kabataan. Naniniwala siya na ang tunay na kaunlaran ay matatamasa hindi lamang sa pagkakaroon ng mga pagawain bagkus ay dapat kaalinsabay nito ay lumalago at napapangalagaan rin ang ating kalikasan para sa kapakanan ng mga susunod pang henerasyon (Junard Acapulco/CIO).



# DANCE SHOWCASE, ISINAGAWA!

PRODUKTO ng sampung araw na pagsasanay sa Dance Workshop na kabilang sa TAMA Sports Clinic, Music, and Arts Workshop ay itinanghal ang mga dance steps na kanilang natutunan sa isang Dance Showcase na pinangasiwaan ng City Youth and Sports Development Department na pinamumunuan ni CYSDO Marvin Panahon sa pakikipagtuwang ni Dance Coach Rhodora Belen Barojabo.

Sa kabutihang-loob ng pamunuan ng City Mall Calapan, sa kanilang Activity Center ay nabigyang-daan ang nasbaing aktibidad, Agosto 13, 2023. Dahil ikinalulugod ni City Mayor Malou Flores-Morillo na makita ang talento sa pag-indak ang kanyang mga minamahal na Kabataang Calapeño, bagaman araw ng Linggo ay sinikap niyang maging kabahagi sa aktibidad.

Sinabi ni Mayor Malou sa kanyang mensahe na ang ganitong uri ng ay kabilang sa kanyang prayoridad, sa paniniwalang sa murang edad ay mahalagang madiskubre na ang talento ng isang indibidwal. Kanya ring ibinalik ang pasasalamat sa mga personalidad na naging bahagi ng pagsasakatuparan ng programa gayundin sa mga magulang at guardians na ipinagkatiwala ang kanilang mga anak sa loob ng sampung araw ng pagsasanay. Sa mga susunod na taon ay maaasahan aniya na higit pang palalawakin ang programa.

Ayon naman kay Dance Coach Rhodora Barojabo, nararapat na ipagpasalamat ng mga Calapeño ang pagkakaroon ng lider na katulad ni Mayor Malou na tunay na nagbibigay ng serbisyong may kasamang pagmamahal katulad na lamang ng ganitong uri ng programa na naghuhubog ng personalidad at talento ng mga kabataan.

Mula sa grupo ng mga magulang ay nagbigay ng kanilang mensahe sina Suzette Aguosto, Grace Morris, Christine Tagupa, at Alice Ramos na pawang nagpahayag ng lubos na pasasalamat sa natutunan ng kanilang mga anak mula sa TAMA Sports Clinic, Music, and Arts Workshop na City Government of Calapan (Junard Acapulco/CIO).



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 40 Aug. 14, 2023 - Aug. 20, 2023

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *LNK 2023: GABI NG KABATAAN SPORTS & TALENTS SHOWCASE*

IBA TALAGA ang Kabataang Calapeño! Matalino, responsable, may pangarap, maka-Diyos at maka-kalikasan. Kanilang pinatunayan sa buong isang linggong pagdiriwang (Agosto 12-18) ng Linggo ng Kabataan 2023 ang pambihirang katangian ng kabataang Calapeño.

Sa diwa ng tema ng selebrasyon, "Green Skills for Youth Towards a Sustainable World" ay naging hitik sa mga makabuluhang aktibidad ang katatapos lamang na Linggo ng Kabataan sa pangangasiwa ng City Youth and Sports Development Department na pinamumunuan ni Mr. Marvin Lopez Panahon at sa pakikipagtuwang ng SK Federation of Calapan City sa pangunguna ni SK Federation President Hon. Noel Cirujano.

Kabilang dito ang pagpapalago ng husay sa sports at talento, abilidad sa pamumuno at entrepreneur, pagmamahal sa kalikasan, pagpapahalaga sa kalusugan at pagtatampok ng talento.

Para sa finale ng selebrasyon ay tinapos ito sa Gabi ng Kabataan: Sports & Talents Showcase na isinagawa sa bahagi ng J.P Rizal Street, Agosto 18, 2023.

Dinagsa ito ng mga aktibong kabataan na nais maging kabahagi sa isa na namang makasaysayang tagpo na matatala sa kapanahunan ng kanilang henerasyon.

Sa unang bahagi ng programa ay bumida ang talento sa larangan ng palakasan, pagsasayaw at pag-awit sa pagtatangahal mula sa iba't ibang grupo at indibidwal tulad ng The Bear Taekwondo, Studio K Dance Studio, Anak ng Teatro, Musical Theater, Simple Guys, Gate Keepers Crew, Baile Fuego, Ken Aguilar mula sa OMNHS, Mary Aguilar, at Apple Anne Ayong mula naman sa City College of Calapan.

Sa ikalawang bahagi ay ang pagbibigay naman ng parangal sa mga kabataang nagdala ng karangalan sa Lungsod ng Calapan sa pamamagitan ng pagwawagi sa pang-rehiyon at pang-nasyunal na lebel ng palakasan na pinangunahan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo katuwang sina City Councilor Hon. Jelina Magsuci, Hon. Noel Cirujano, CYSDO Marvin Panahon, at Mr. Allan Paigao. RECOGNITION OF TRACT AND FIELD ATHLETES: Romelo Rubico; 2023 MILO Marathon LEG 2 - TOp 20 (5km Run, Batangas Global Marathon Finisher (30km), Southern Tagalog Regional Association of State Universities and Colleges (STRASUC) Olympics, Gold Medalist (Long Jump), Gold Medalist (Triple Jump). Lawrence G. Dela Cruz; 2023 MILO Marathon LEG 2 - 8th Placer (5km), Batangas Global Marathon - 8th Placer (30km). Arnold Asis; MILO Marathon LEG 2 - 2nd Placer, Batangas Global Marathon - Top 5 (30km). Igiboy S. Cual; Batangas Global Marathon - Top 15 (30km).

RECOGNITION FOR TRIATHLON ATHLETE: Naomi Felicity P. Aytin; Kids Aquathlon Overall Champion, SBR Aquaman Aquathlon by Go for Gold - 3rd Place, Regional Private Schools Athletic Association - Most Outstanding Player.

PALARONG PAMBANSA 2023 MEDALISTS: Anthony Jeric B. Abordo: Wushu (52kg) Secondary Boys - Champion. Jayven Armin A. Baren: Wushu (49kg) Secondary Boys - 2nd Place. Andrea Louise Acuzar: Table Tennis (Singles) Elementary Girls - 2nd Place. Aedrielle Ainice S. Millera: Taekwondo (Team Poomsae) Secondary Girls - 3rd Place.

2023 MANNY PACQUIAO'S JUNIOR MAHARLIKA PILIPINAS BASKETBALL LEAGUE ATHLETES: Adron Chua Abac: 14 under category. Nicolo James Dueñas: 14 under category. Carlos Miguel Magaling: 18 under category. Kurt Russel Barquez: 18 under category. Juaquin James Dueñas: 18 under category.

RECOGNITION OF JET SKI CHAMPION SUBIC BAY FREEPORT ZONE, ZAMBALES: Anthon Ignacio: 1st Place. Javi Ignacio: 2nd Place.

RECOGNITION OF THE CALAPAN CITY BASKETBALL TEAM: Mikhael Rovin Panahon, Renel Gonzales Earl John Laurence Librada, Joshua Camarillo, Herbert Santiago, Piolo Dalisay, Sebastian Nicolas Rocio, John Lloyd Balmes, John Michael Evangelista, Ralph Steven Lagundino, Don Angelo Tolentino, Don Marc Abao, Nichole Andre Maulion, at Carl Zedric Delos Reyes.

Mas pinatingkad ang Gabi ng Kabataan dahil sa live performances ng mga sikat na banda mula sa Calapan City na kinabibilangan ng Izay Band, Hooligans Band, Mayora Juana at Banda ni Sadham.

Mababakas sa mukha ng mga kabataan ang ibayong kasiyahan sa bawat panuorin na kanilang nasaksihan. Patunay lamang ito na pagdating sa talento at abilidad ay hindi magpapaiwan ang Kabataang Calapeño.

Sa mensahe mula kay Mayor Malou ay kanyang binati ng masayang pagdiriwang ng Linggo ng Kabataan ang mga itinuturing niyang mga anak na kabataan. Aniya pa, sa pamamagitan ng ganitong okasyon ay higit na lumulutang ang esensya ng pagbubuklod ng mga kabataan upang maging mas progresibo at produktibong kabataan. Kanyang kinilala ang pagsisikap ng SK Calapan City at ng City Youth and Sports Development Department upang matagumpay na maisakatuparan ang mga aktibidad kaugnay sa pagdiriwang ng Linggo ng Kabataan na aniya'y umani ng positibong reaksyon sa taumbayan. Kanyang ipinangako na habang siya ang Ina ng Lungsod ay magpapatuloy ang mga programang magsusulong ng kagalingan ng sektor ng kabataan.

Sina City Vice Mayor Big Ignacio at City Councilor Rius Agua ay nakiisa din sa kasiyahan.

Maliban sa naguumapaw na mga pagtatanghal ng husay sa sports at talento sa Gabi ng Kabataan ay nabusog din ang mga manunuod sa mga samu't saring pagkain na itinitinda sa Night Market (Junard Acapulco/CIO).





